Agosto 2, 2021 Kautusang Tagapagpaganap 2021-17

# KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP – ANG TANGGAPAN NG WELCOMING ILLINOIS

**SAPAGKAT**, ang Estado ng Illinois ay naghahangad na maging isang malugod na estado sa mga imigrante at refugee; at,

**SAPAGKAT**, ang mga imigrante ay mga mag-aaral, negosyante, siyentipiko, at mga manggagawa na mahalagang tagapag-ambag sa workforce, mga pamayanan, at istrakturang panlipunan at pangkultura ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, ang Estado ng Illinois ay tahanan ng 1.8 milyong mga imigrante, ang ikaanim na pinakamalaking populasyon ng imigrante ng anumang estado sa bansa; at,

**SAPAGKAT**, ang mga imigrante ay bumubuo sa 13.5 na porsyento ng populasyon ng ating estado at 17.5 na porsyento ng workforce ng ating estado; at,

**SAPAGKAT**, ang mga imigrante ay mahalaga sa ekonomiya ng ating estado, na bumubuo ng 2.8 bilyong dolyar na kita sa negosyo at nag-aambag taun-taon ng higit sa 21.4 bilyong dolyar na buwis sa pederal, Estado, at lokal; at,

**SAPAGKAT**, ang mga imigrante at refugee ay matagumpay na itinaguyod muli ang kanilang pamumuhay at gumawa ng mga positibong kontribusyong panlipunan at pang-ekonomiya sa Illinois sa pamamagitan ng pagbuhay muli ng mga kapitbahayan at pagdaragdag sa kalakasan ng kultura ng ating estado at ng mga pamayanan; at,

**SAPAGKAT**, habang ang patakaran sa imigrasyon ay itinakda sa antas ng pederal, ang mga benepisyo ng at mga hadlang sa integrasyon ng imigrasyon ay naranasan sa estado at mga lokal na antas; at,

**SAPAGKAT**, kinikilala ng Estado ng Illinois ang mga hadlang na umiiral sa mga komunidad ng mga imigrante at ito ay tumugon nang may mataas na pamumuhunan sa mga serbisyong pang-imigrante; at,

**SAPAGKAT**, habang ang krisis na dulot ng COVID-19 sa pampublikong kalusugan ay pinalakas ang umiiral na sistemikong hindi pagkakapantay-pantay, ang Estado ng Illinois ay nagbigay ng tulong sa upa at utility at tulong pinansyal para sa mga imigrante na hindi kasama sa pederal na mga programang pang-relief para sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ngayon, higit kailanman, sa ating bansa, kailangan ng pamumunong pang-programatiko at pang-patakaran mula sa mga estado upang protektahan at isulong ang mga karapatan ng mga imigrante at mga refugee; at,

**SAPAGKAT**, ito ay moral at piskal na kinakailangan upang suportahan ang kalusugan, kapakanan, pang-ekonomiya at panlipunang pag-unlad ng mga imigrante; at

**SAPAGKAT**, ang $102^{nd}$ General Assembly ay nagpasa ng Immigrant Impact Task Force Act upang magtalaga ng mga pinunong imigrante at refugee upang magtrabaho sa mga ahensya at kasama ng mga panlabas na stakeholder upang makabuo ng mga estratehiya para matiyak na ang Illinois ay isang mas malugod na estado; at,

**SAPAGKAT**, ang Estado ng Illinois ay nakatuon sa pagbuo at pagpapatupad ng isang komprehensibong pamamaraan at aksyon plan upang matiyak ang mas mahusay na mga kasanayan sa gobyerno, mga patakarang pampubliko, at mga programa sa lahat ng mga sektor ng gobyerno;

**SAMAKATWID,** ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa pamamagitan ng bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, iniuutos ko ang mga sumusunod:

1. **Ang Pagtatatag ng Tanggapan ng Welcoming Illinois**

   Ang Tanggapan ng Welcoming Illinois ay malilikha, pangangasiwaan at nakalagay sa loob ng Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois, at mag-rereport sa Tanggapan ng Gobernador at ng Kalihim ng Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois.

   Ang Tanggapan ng Welcoming Illinois ay magkakaroon ng mga sumusunod na tungkulin, kapangyarihan, at responsibilidad:

   A. Tipunin at pamunuan ang mga panloob at panlabas na mga stakeholder para makipag-ugnay at bumuo ng blueprint na pang-patakaran at kasanayan upang gawing mas malugod at makakatarungang estado ang Illinois para sa mga imigrante at mga refugee, kabilang ngunit hindi limitado sa pagpapatupad ng Immigrant Impact Task Force Act at iba pang mga kaugnay na batas.
   B. Kilalanin, magsaliksik, pag-aralan, at tugunan ang mga kalakarang pang-ekonomiya at pang-demograpiko at mga isyung nauugnay sa mga imigrante at mga refugee upang mapaglingkuran nang mas mahusay ang mga komunidad ng mga imigrante at refugee.
   C. Gumawa ng mga rekomendasyon sa patakaran sa Gobernador tungkol sa mga isyung nakakaapekto sa mga imigrante at mga refugee, kabilang ang mga estratehiya upang matanggal ang mga hadlang sa trabaho, mapabuti ang kalusugan, at palakasin ang mga serbisyong panlipunan.
   D. Makipagtulungan sa mga ahensya ng Estado na kinilala ng Tanggapan ng Gobernador bilang bahagi ng pagsisikap na tiyakin na may access sa mga kritikal na serbisyo at suporta para sa katatagan at pagpapagaling para sa mga komunidad ng mga imigrante at refugee sa Illinois.
   E. Bumuo at magpatupad ng mga outreach campaigns, mga mapagkukunan ng komunidad at itala ang mga proseso ng pagtitipon upang matiyak na ang mga komunidad ng mga imigrante at mga refugee ay may access sa mga serbisyo at programa kung saan sila ay karapat-dapat sa antas ng estado at pederal.
   F. Itaguyod at ipagdiwang ang tagumpay ng mga komunidad ng mga imigrante at refugee ng Illinois.

2. **Ang Pagtatatag sa Senior Immigration Fellow**

   Ang isang Senior Immigration Fellow ay hihirangin ng Gobernador, na mag-uulat sa Kalihim ng Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois, at nakabase sa Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois. Pangungunahan ng Senior Immigration Fellow ang lahat ng aspeto ng Tanggapan ng Welcoming Illinois, na may suporta mula sa Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois at Tanggapan ng Gobernador.

3. **Pangligtas na Sugnay**

Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang batas o regulasyon ng pederal o estado. Maliban kung partikular na isinangguni sa Kautusang ito, walang anuman sa Kautusang ito ang makakaapekto o makapagbabago ng mga umiiral na mga kapangyarihan ng anumang ahensya ng Estado o ipalagay bilang isang muling pagtatalaga o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.

4. **Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap**

   Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

5. **Sugnay na Naghihiwalay**

   Kung ang anumang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay napatunayang hindi wasto ng isang korte na may sapat na kapangyarihan, ang mga natitirang probisyon ay magkakaroon pa rin ng bisa at epekto. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ihiwalay.

6. **Petsa ng Pagkabisa**

   Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Agosto 2, 2021
Inihain ng Kalihim ng Estado Agosto 2, 2021